**FILIPINO 5**

2nd Summative Test B

SY 2020-2021

I. Tukuyin ang salitang naglalarawan na angkop sa pangungusap. Piliin ang iyong sagot.

1. Si Max ay magaling kumanta at sumayaw kaya lagi siyang pinapalakpakan ng mga tao. Siya ay __________.

| masayahin | talentado | masipag |
|---|---|---|

2. Naglaro nang maghapon si Ralph sa daan. Pagkauwi niya, siya ay ____________.

| madungis | malinis | mabilis |
|---|---|---|

3. Si Lisa ang nakakuha ng pinakamataas na marka sa Math. Siya ay __________.

| mabait | masunurin | matalino |
|---|---|---|

4. Si Val ay bagong lipat sa eskwelahan kaya siya ay tahimik pa at ___________.

| mabait | mahiyain | malungkot |
|---|---|---|

5. Hindi takot si Cel pumunta sa doctor at magpa-injection ng *flu vaccine*. Siya ay isang ___________ na bata.

| matapang | masipag | mahinang |
|---|---|---|

II. Piliin ang angkop na pamagat para sa larawan.

1. 

a. Ang Pag-aaway ng Magkaibigan
b. Ang Paglalaro ng Magkaibigan
c. Ang Away-Bati na Magkaibigan

2. 

a. Ang Masipag na Bata
b. Pagtulong sa mga Nakakatanda
c. Pagtulong sa mga Bata

3. 

a. Pagsunod sa Batas Trapiko
b. Ang Paglalaro sa Paaralan
c. Pagkikinig sa Guro

4. 

a. Ang mga Talentadong Bata
b. Ang Paligsahan
c. Ang Magandang Boses

5. 

a. Ang Paglilinis ng Bahay
b. Ang Paglilinis sa Paaralan
c. Ang mga Mababait na Bata

III. A. Basahin ang tula.

**Tuntunin sa Paaralan**

Pagpasok ay agahan,
Maging maayos sa pilahan,
Mga gamit ay ingatan,
Isagawa ang kalinisan.

Pag-upo ay ayusin,

Makinig sa aralin,
Guro ay sundin,
Maging batang masunurin.

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang dapat gumawa ng mga tuntunin na ito?

    a. mga magulang     b. mga mag-aaral     c. mga guro

2. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** pagsasagawa ng kalinisan sa paaralan?

    a. Pag-ayos ng gamit sa mesa
    b. Pagpulot ng kalat sa sahig
    c. Pagtapon ng basura kahit saan

3. Ano ang mangyayari kung **hindi** ka makikinig sa aralin?

    a. Ikaw ay makakakuha ng mataas na marka.
    b. Mahihirapan kang sagutin ang mga pagsusulit.
    c. Ang guro ay matutuwa.

4. Ano ang pwede mong gawin para makapasok sa paaralan nang maaga?

    a. Gumising nang maaga
    b. Magpuyat araw-araw
    c. Tumakbo nang mabilis

5. Kapag ginawa mo ang lahat ng tuntunin, ano ang maitatawag sa iyo?

    a. matalino     b. masunurin     c. mapagbigay

B. Piliin ang ☺ kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagsunod sa tuntunin sa paaralan o ☹ kung hindi.

  1. Nagpapaalam si Val sa guro bago lumabas ng silid-aralan.

  2. Tumutulong sa paglinis ng silid-aralan si Hannah.

☺ ☹ 3. Palaging huli sa pagpasok sa paaralan si Manny.

☺ ☹ 4. Binabasa nang mabuti ni Joy ang mga tanong sa pagsusulit.

☺ ☹ 5. Nakikipaglaro si Joanne sa kaklase habang nagsasalita ang guro.